

# 1

Blangko ang ekspresyong sa mukhang bumaba si Luke mula sa kinalululanang kotse at naglakad patungo sa dalawang magkatabing puntod. Tiim-bagang niyang minasdan ang dalawang lapidang marmol kung saan nakaukit ang apelyido na katulad ng sa kanya: Monreal. Humugot siya ng hininga at lumuhod sa harap ng mga ito. Malamig ang ekspresyon sa mukha niya at hindi kakikitaan ng anumang emosyon.

Crista Monica Chavez-Monreal at Edward Monreal. Iyon ang nakaukit sa mga lapidang marmol na nakausli sa berdeng damuhan. Marahas siyang bumuntong-hininga at lumunok upang pigilan ang bigik sa kanyang lalamunan. Sa isip niya, kinausap niya ang mga magulang na may labing pitong taon nang patay.

*I've been here for more than a year now, forgive me if the courage to come here came in so late. I couldn't come here without having anything to offer... or any good thing to say. Muli siyang bumuntong-hininga. The Ricoletos, just as I suspected, are now in control of everything we have... or had. Pero huwag kayong mag-alala, Mama, Papa. Nakahanda na ang lahat. I vow to give justice to your deaths and to take back what we owned and everything that they've acquired during the last seventeen years. I promise you I will not stop until they get what they deserve. I happily lived in misery looking forward to the day they beg me to spare them their lives.*

*And that will happen, I swear to you, it will.*

Itinaas niya ang isang kamay upang hapusin ang malamig na bato kung saan nakalagay ang pangalan ng ina.

*I love you, Mother. Sandali niyang binitin ang paghinga, hindi gustong ilabas ang mga emosyong nais kumawala sa loob niya. He let out a breath. And I miss you so... much!*

Pagkaraan ay bumitaw siya sa hinahawakan at tinutukan ng tingin ang puntod ng ama. *Papa, pagbababayaran nila ang lahat. They will pay dearly for what they've done to you and to Mama. Hindi ko na idadamay pa ang galit ko dahil sa ginawa nila sa akin. My vengeance for what they did to you will be enough to ruin them.*

Mas lalong tumigas ang ekspresyon sa mukha ni Luke. Saglit pa siyang nanatili roon bago tuwid na tumayo at tinungo ang sasakyan.

He drove absent-mindedly. Pero magkaganoon man ay sigurado ang bawat kabig niya ng manibela. Hindi nagtagal ay tumigil siya sa pagmamaneho. Nasa harap siya ng isang malaking gusali.

He looked up coldly at the building in front of him. *Del Sol Group of Companies.* He smiled bitterly at tiningnan ang oras sa wristwatch. Eksaktong alas cinco ng hapon. Wala pang isang minuto siyang naghihintay bago lumabas ang isang sopistikadang babae. She was a tall lady with long black hair, gray fierce eyes and a straight pointed nose. Nakasuot ito ng pencil-cut black skirt

at black shirt na hapit sa balingkitan nitong katawan. Walang alinlangang pumasok ito sa kotse niya at umupo sa passenger seat.

“They’re firm in their decision, Luke. They’re not going to sell,” pahayag nito na nakatutok ang paningin sa kanya.

Ni hindi niya ito nilingon. “That’s fine, they will be begging us to buy them off soon.” Pinaandar na niya ang sasakyan.

“It seems to me that they’re expecting a huge chunk of money kaya hindi pa sila bumibitaw.”

“Unless they got another victim like me, I doubt it kung makaka-produce sila ng kulang-kulang isang daang milyon nang ganoon kabilis.”

“What’s your next plan?” usisa ng babae.

“You have their schedule for tomorrow, right?”

Tumangu-tango ang katabi at inabot sa bag nito ang *iPad*. May in-access itong video file bago ipinakita sa kanya. Habang nagmamaneho ay mataman niyang pinanood iyon. Nagtiim ang bagang niya nang makita ang isang pamilyar na babae na nakaupo sa harap ng isang malawak na desk, na dating pag-aari ng kanyang ama. The lady had aged and gained weight over the years. Nagpatuloy ang eksena sa video...

*“Ella, come here,” anito sa telepono.*

Hindi nagtagal ay pumasok ang kinausap nito sa malawak

na opisina. Sandaling huminto ang puso ni Luke nang muling masilayan ang dalaga. Kahit sa maliit na window ng iPad, kitang-kita ang kagandahan nito. Nakasuot ito ng isang pares ng gray slacks at striped blue shirt. Naka-half ponytail ang kulot at kulay brown nitong buhok. May manipis at halos hindi makitang makeup ang mukha nito. She had the face of an angel... the kindest and most beautiful face he had ever seen.

*“Aunt, the advertising agency called. Na-confirm na nila na bukas na ang presentation para sa shipping ad natin. I told them we’ll be here in the morning. Sinabi kong iyon lang ang free time natin this week,”* anito bago umupo sa visitor’s chair sa harap ng desk ng tiyahin.

*“My schedule ako bukas ng umaga. I’m going to see Atty. Santiago.”*

*“S-should I cancel then?”* tila natigilan na anito.

*“No, hindi na kita isasama,”* umiling na sagot ng matanda. *“Attend their presentation at ikaw na ang magdesisyon kung okay ang ad na ginawa nila.”*

*“Okay.”*

*“That’s it, ipahanda mo na kay Oscar ang kotse. We’re going home.”* Hindi na ito nilingon ng matanda.

*“Okay, Auntie.”* Marahan nang tumayo ang dalaga at mabining lumakad palabas ng silid.

*Beautiful Phantom - Jade Anne Franco*

---

Hindi kumibo si Luke at nagpatuloy sa pagmamaneho. Memories of his tenth birthday suddenly flooded his mind...

---

*“Ladies and gentlemen...” ani Crista, ang kanyang ina na nasa tuktok ng hagdanan ng kanilang mansion. Suot nito ang isang purple paisley bodice ball gown at isang golden tiara.*

*Natutok dito ang atensyon ng lahat ng naroroon at puno ng paghanga ang mga mata. Ang mga bisita ay hindi rin nagpahuli sa mga suot nilang king’s and queen’s costumes. There was soft music playing in the background, ‘The Blue Danube’, which made the atmosphere regal.*

*“I would like to thank everyone for coming tonight, to celebrate with me, the birthday of my husband Edward, and our beloved son, Luke. Please let us all welcome the king and prince of my life!” Sumunod doon ang masigabong palakpakan.*

*Sabay-sabay silang tatlo na bumaba sa marmol na hagdanan at hindi makapaniwala si Luke sa nakita habang naglalakad sila sa red carpet. Ang pagkakayari ng mansyon nila ay talagang sinadya na parang palasyo. It was all made of limestone rocks with dungeons and hallways. Pero ang mga nakikita niyang vintage chandeliers na nakatunghay sa mga bisita nila ay noon pa lamang niya nakita. It was the theme of the party. He looked like a real prince in his white tunic top, black leather pants tucked in a black boots. Over his shoulders was a cape. Muli ay pinagmasdan niya ang paligid.*

*Beautiful Phantom - Jade Anne Franco*

---

*Detalyado ang pagkakaayos ng mga mesa at nagkikinangan ang mga mamahaling kubyertos at wine glasses. Bawat poste ay napapaikutan ng maliliit na bulb light at bawat sulok ay may mga maître 'd.*

*“This is so beautiful, Mama,” hindi niya napigilang ibulong sa ina.*

*“Very well done, Darling,” dagdag pa ng kanyang ama.*

*“Anything for the two people I love most,” mahinang tugon ng ginang.*

*Pagkatungtong nila sa ibaba ay sinalubong sila ng mag-asawang Antonio at Rosemarie Ricoletto. “Happy birthday, Prince Luke!” naunang pagbati ng babae at hinalikan siya sa magkabilang pisngi.*

*“Thank you, Mrs. Ricoletto, you look very lovely tonight,” totoo sa sariling sambit niya. Nakasuot ito ng black and white ball gown, na may malaking sombrero na may embroidered na bulaklak at feathers.*

*“What a very sweet kid, thank you very much!” natutuwa nitong sagot.*

*“Wonderful party, young man. Happy birthday!” Sumunod namang bumati ang asawa nito na nakasuot ng tila sa sinaunang heneral na uniporme.*

*“Thanks, General! It is very nice to see you again,” nakatawa*

niyang sagot.

*Napahalakhak ang matanda. "What a smart kid!"*

*Si Mr. and Mrs. Ricoletto ang may pag-aari ng thirty percent ng Del Sol Group of Companies at matatalik na kaibigan ng kanyang mga magulang. Walang okasyon sa dalawang pamilya na hindi dinadaluhan ng isa sa kanila.*

*Inikot nila ang buong bahay at isa-isang pinasalamatan ang mga dumalo. Lahat ng naroroon ay halos mga business associates ng ama at may mga shares sa kompanya nito. Ang iba ay mga business tycoons na lumabas pa ng Manila o saan man ang mga ito nakabase para lang um-attend sa party na iyon.*

*May ilang kabataan din na nagsipagdalo at maayos niyang hinarap. Palakaibigan si Luke sa lahat, pero ang totoo ay wala siya ni isa mang matalik na kaibigan. He was being homeschooled. Desisyon iyon ng kanyang lola bago ito namatay. Nagbabayad sila ng higit pa sa binabayad ng mga magulang na ipinapadala ang mga anak sa mga mamahaling universidad sa ibang bansa. His teachers came from reputable schools abroad. They were hired solely to teach Luke. Nakatira ang mga ito sa kabilang mansion na pinagawa mismo ng ama para sa mga ito. Nasa kabilang bahagi iyon ng main mansion at katunayan ay nabati na siya ng dalawa sa mga ito. Si Mr. Chuntler na nagtuturo sa kanya ng Advanced Math and Science, at si Miss Levine na nagtuturo sa kanya ng Arts, History and Literature.*

*“Bon anniversaire, Luke!”*

*Nilingon niya ang nagsalita. Si Miss Pasquier, ang kanyang language tutor. “Merci beaucoup, Mademoiselle!”*

*Nginitian siya ng ginang. “Very nice party.”*

*“Yes, indeed it is. I hope you are having fun, Miss Pasquier.”*

*“I sure am.”*

*Magalang siyang nagpaalam at muling inikot ang mga mata sa mga bisita. Nakita niya ang ilang bisitang nagtipon sa living room nila. Nakatingala ang mga ito sa isang partikular na painting. Lumipad ang tingin ng isa sa mga ito sa kanya.*

*“Luke! Can we have a minute, please?” tawag ng matandang babae sa kanya.*

*“Of course.” Nilapitan niya ito.*

*“Do you know who painted this?” pagkuwan ay tanong nito.*

*Tumingkayad siya upang makita ang tinutukoy ng mga ito. “Oh. I painted that as a gift for Papa today.”*

*Narinig niya ang marahang pagsinghap ng mga naroroon kasabay ang bulong-bulungan ng paghanga.*

*“Very talented! Saan ka natutong magpinta?” tanong ng isang lalaki na bakas sa mukha ang pagkabigla.*

*“I have an art teacher, but as of the moment, we are still on*

*art history. So wala pa po akong formal lessons sa painting,” he said with humility.*

*Muli ang bulungan ng mga ito.*

*“You are truly gifted, alam mo ba iyon?” Muli, ang matabang babae.*

*“Thank you, Madam,” magalang niyang sambit at mula sa gilid ay may naaninag siyang batang babae na nakatingin sa kanya. Nilingon niya ito at sa isang saglit ay tila siya nakakita ng isang anghel na nakasuot ng kulay pink at white gown na umabot lamang sa tuhod nito. Her curly hair was loosely tied in a bun at may mga naiwan pang hibla sa mukha nito. On her face were beautifully scattered tiny freckles. She had brown eyes with thick lashes, small pointed nose and pouty pink lips.*

*“Enjoy the party, ladies and gentlemen,” magalang niyang paalam at nilapitan ang bata na nakaupo sa harap ng isang bakanteng mesa.*

*“Hello.” He smiled at her.*

*Napayuko ang batang babae. “Hi.”*

*“Bakit ka mag-isa dito? Who are your parents?” magkasunod niyang tanong.*

*Nanatili itong nakayuko. “I don’t have my parents here. Isinama lang ako ng Auntie Rose and Uncle Anton. I’m their niece.”*

*"I didn't know they have a niece. Matalik silang kaibigan ng mga magulang ko."*

*"I know. Happy birthday nga pala." Nakayuko pa rin ito.*

*"Thank you, pero bakit di mo ako tinitingnan?" nagtataka niyang tanong. For a while ay naisip niyang baka pangit ang suot niyang damit at hindi nito gustong tingnan muli.*

*"My face isn't very nice."*

*Napakunot-noo siya. "What do you mean?"*

*"I have so many freckles, my aunt says I look ugly."*

*"You mean Mrs. Ricoletto?" Tumango ito. "Now, why would she say that? You look very pretty to me!"*

*Dahan-dahan nitong inangat ang mukha sa kanya. "Really?"*

*He gave her a sweet reassuring smile. "Absolutely! Besides, a girl without freckles is like the night sky without the stars." Nabasa niya iyon somewhere.*

*Unti-unti, sumilay ang isang mahiyaing ngiti sa mga labi nito. Tila mas naging makulay pa ang kapaligiran dahil doon. "Thank you."*

*"I am only saying the truth. Ano'ng pangalan mo?"*

*"My name is Ella, Ella Francesa Mendez."*

*"I'm Luke."*

*"I know..."*

*Ngumiti siya. "They're playing 'So This Is Love'. It's the very same music played in the Cinderella movie when she danced with her Prince Charming. May I have the honor of this dance?"*

*Tuluyan nang nawala ang inhibitions sa mukha ng batang babae. Inabot nito ang naghihintay na kamay ni Luke and let him lead her to the dance floor.*

*"I don't know how to dance," mahina nitong protesta.*

*"Don't worry. Just hold my hand and I'll take the lead," he whispered gently.*

---

*"So this Oscar, 'yong driver nila... is he one of 'em?" untag ng kasama ni Luke na nagpabalik sa kanya sa kasalukuyan.*

*"Yes, Andrea, and he will be the second to know that I am back." Inihinto niya ang kotse at ini-unlock ang mga pinto. Nasa harap na sila ng tinitirhan ng kanyang kasama.*

*"Be careful, my sweet Luke."*

*Hindi siya kumibo. Nanatiling nakatingin siya sa harapan. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya sanay na mayroong nag-aalala para sa kanya. Sa lahat ng kahirapang nadaanan niya sa buhay nang mag-isa ay hindi na niya pinangarap na magkaroon pa ng taong magpapahalaga sa kanya.*

“If only I can help you mend the wounds that your past inflicted on you, hindi na sana kita hahayaang maghiganti pa sa mga taong ito. But I know how strongly you want to make them pay for your family’s downfall. At alam ko rin na habang hindi mo iyon magagawa ay hindi magbabalik ang batang Luke—the one who was sweet, intelligent and life-loving.”

Nanatiling walang ekspresyon ang mukha niya, pero sa wakas ay tiningnan ang katabi. “Don’t worry about me, I will be fine.”

Naramdaman niya ang paghaplos nito sa kanyang pisngi bago ang mapagmahal na halik na iginawad nito roon. “I will see you soon.”

Nang makalabas ang babae ay pinasibad na niya ang sasakyan.